# Activities lined up for Office of Court Administrator 48th founding anniversary

See page 2

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 4 10.00 OCTOBER 23 - 29, 2023

## Fake news!

May pasok sa mga opisina ng gobyero at sa lahat ng publikong paaralan sa Oktubre 31, Martes, isang araw matapos ang BSKE.


"Fake news," sabi ni Executive Secretary Lucas Bersamin sa kanyang mensahe noong Miyerkoles, Okt. 25.

May kumalat kasing memorandum na idineklara ng Malakanyang na suspendido ang mga klase sa mga paaralang bayan at mga trabaho sa mga lokal na pamahalaan at ibang ahensiya ng gobyerno.

Mag-uumpisa raw ang suspesiyon, eksaktong alas 12 ng tanghali ng Martes.

Sabi ni Bersamin, may trabaho ang lahat ng ahensiya na ang trabaho ay sa pagbibigay ng serbisyo sa kalusugan, mga disaster at kalamidad at gumaganap ng iba pang serbisyong kailangang-kailangan ng bayan.

Bahala nang magdesisyon ang mga pribadong kompanya at klase sa mga pribadong paaralan kung isususpinde o hindi ang trabaho sa kanilang mga opisina.




## Unang Municipal Trial Court sa GMA, pinasinayaan

Page 4

# Kalinga sa magsasaka, inilunsad ni Rep. Marcoleta

SA kagustuhang matulungan ang mahihirap na magsasaka sa bansa, inilunsad ni Sagip Party-list Rep. Rodante Marcoleta ang programang "Adopting a farmer."

Sa programa na inilunsad sa Bacolor, Pampanga noong Lunes, Okt. 22, nagdala ng well-milled na dinoradong bigas sa presyong P35 kada kilo -- na mas mababa ng P17 sa mga nabibili sa mga palengke.

Limang kilo ang maximum na maiuuwi ng isang parukyano upang mapabigyan ang bawat pamilyang nais makabili ng murang bigas.

Ayon kay Marcoleta, patuloy ang pagtaas ng presyo ng bigas

Sundan sa pahina 2



Hinikayat ni Sagip Party-list Congressman Rodante Marcoleta ang mga lokal na negosyante na tumulong sa programang "Adopting a Farmer" sa pagbisita niya sa Pampanga.


Aniya, mahalagang tumulong ang lahat upang matulungan ang mahihirap na magsasaka at masigurado ang sapat na suplay ng bigas at pagkain sa bansa -- na layunin ng administrasyong Marcos.

## Good luck, Te Becka, Te Gene, Te Judie!



MAKIKIRAAN PO!

## Thank you, GOD for the gift of life!



Sa Ganang Akin

## Utak CIA operator talaga si Teddy Boy



POLICE MATTERS

## Maraming salamat po sa inyong matapat na serbisyo




*Masayang ipinakikita ng dalawang retiradong guro ng Day Care Center ang natanggap na tseke ng insentibo mula sa pamahalaang bayan ng Bagong Bailen.*

*Kasama ni Mayor Dennis Mojica Glean (nasa gitna ng larawan) ang dalawang opisyal ng pamahalaang lokal ng Bagong Bailen.*

***(Sundan ang buong istorya sa pahina 2)***

## Caught on cam si Mayor Bambol Tolentino!

MARAMING netizen ang pumuri sa mabilis na aksiyon ni Mayor Bambol Tolentino na siya mismo ang nag-supervise sa daloy ng trapiko bunga ng isang fire incident noong Huwebes, Okt. 26 sa barangay Iruhin Central, Tagaytay City.

Nag-apoy kasi ang isang tourist bus na sakay ay mga estudyante ng Sacred Heart Academy mula sa Santa Maria, Bulacan na noon ay may educational tour.

Salamat sa FB post ng PIO ng Tagaytay City, ito ang mga larawan ni Mayor Bambol Tolentino na hndi lang naging instant traffic enforcer, sinigurado pa ng alkalde na madala sa ligtas na lugar ang mga estudyante.

Eto pa ang masaya, upang mawala ang takot at gutom ng mga student, dinala sila sa Tagaytay Picnic Grove, binigyan pa ng free lunch!

At lalong sumaya ang mga estudyante nang makipag-bonding pa si Vice Mayor Agnes Tolentino at sinamahan pang mamasyal sa napakagandang scenery of Picnic Grove.

Kallan kaya mabibigyan ang BantayBalita ng free entrance, wag nang free lunch sa pinakamagandang tourist destination sa lungsod ng Tagaytay, joke lang!



*Kausap ni Tagaytay City Mayor Abraham 'Bambol' Tolentino ang isang pulis tungkol sa pagkasunog ng isang bus na may pasaherong estuyante na may educational tour sa siyudad.*

# Sobrang proud si VM

Kung isa sa (mga) apo mo ay nakagawa ng kahanga-hangang accomplishment, unang matutuwa, siyempre ay ang lolo, kaya sa malaking kasiyahan, ipinost ni Silang Vice Mayor Ted Carranza ang retrato ng kanyang apo -- si Mikee Vedar.

Gumaradweyt lang naman na summa cum laude si Mikee sa De La Salle University (DLSU) Manila, at first summa cum laude graduate sa kursong Bachelor of Science in Legal Management Program.

Eto pa, tumanggap si Mikee ng Jose Rizal Honors Society Award.

Sabi ni VM Ted, sobrang proud ang buong pamilya kay Mikee: "Congratulations sa aking Apo na si MikeeVedar!"

Sabi pa ni Lolo Ted, "We are so proud of you for being the first ever Summa Cum Laude in the history of the DLSU Legal Management Program!"

Hinikayat pa ng bise-alkalde ng Silang, si Mikee na magsumikap pang lalo sa pag-aaral.

"Continue to strive for greatness!" sabi ng retiradong police general sa kanyang Facebook page.

Kami sa BantayBalita ay bumabati rin ng masiglang "Congatulations" sa maganda na at matalinong apo ni VM Ted Carranza.





Silang Vice Mayor Ted Carranza

# Kalinga sa magsasaka...

mula sa pahina 1

dahil sa pagsasamantala ng mga hoarder at ismagler.

Aniya pa, kung may pagmamahal sa kapwa ang nagtiinda ng bigas, hindi na titingnan kung kikita.

"Ang titingnan mo na lang ay maibalik sa puhunan nang sa ganoon, mapaikot mo at maraming matulungan," sabi ng kongresista ng Sagip party-list.

Sa panayam, sinabi ni Marcoleta na natuwa si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos sa kanyang programa na magbibigay ng sapat na pagkain sa mahihirap na pamilyang Pilipino.

"Gusto nga niya (Marcos) ay magtagumpay tayo sapagkat ito naman talaga ang adhikain niya kaya nga nagkaroon ng price cap kahit alam niyang mahirap," ani Marcoleta.

Sabi pa niya, kailangan ding tumulong ang publiko sa Pangulo at "hindi puwedeng lagi na lang ang gobyerno ang humahanap ng interes para sa bayan."

Sa panawagang ito, tumulong ang negosyanteng si Tony Marfori at mga miyembro ng Pampanga Chamber of Commerce na bumili ng palay mismo sa mga magsasaka ng mas mahal ng P3 bawat kllo kaysa sa presyo ng pagbili ng National Food Authority (NFA).

Pinatutuyo ng samahan ni Marfori ang biniling palay, saka ipinapagiling at ibinebenta ng mas mura.

Sabi pa ni Marfori: "Pag ang bigas ay dinorado, talagang napakasarap. Ang presyo nito sa palengke ay P52-P55 per kilo." **/ Nelson Santos**



# Maraming salamat po sa inyong matapat na serbisyo

Aginaldong insentibo ang masayang ipinagkaloob sa dalawang retiradong Child Development Workers ng munisipalidad ng Bagong Bailen.

Sa kanyang social media page, pinasalamatan ni Mayor Dennis Mojica Glean sina Gng. Orpha Najera -- 28 taon na nagturo sa Barangay. Castaños Cerca Day Care Center at Gng. Silveria Bucal na nagturo ng 32 taon sa Brgy. Tabora Day Care Center.

Sinariwa ng alkalde na noong konsehal siya noong 2021, inakda niya at pinagtibay n Sangguniang Bayaon ang isang ordinansa na magbibigay ng cash incentive sa mga retiradong Child Development Workers.

Pinasalamatan ni Mayor Glean sina Gng. Orpha at Gng. Silveria sa kanilang mga sakripisyo at matapat na dedikasyon bilang mga Day Care Center teacher.

"Maraming salamat po sa inyong di mapapantayan na dedikasyon sa pagtuturo at paggabay sa mga mag-aaral ng Bagong Bailen!" sabi ng alkalde. **/JWBILBAO**

# Activities lined up for Office of Court Administrator 48th founding anniversary

WITH the theme "OCA @ 48: Partners in the Quest for Judicial Innovation and Reform," the Office of the Court Administrator (OCA), has lined up various activities on November 17 and 18.

"As the budget for such project is internally generated, there being no subsidy for the same, the funds needed to defray the expected expenses will have to come from voluntary contributions," Court Administrator Raul B. Villanueva, said in his Office Order 11-2023. The support of everyone is enjoined, he added.

Likewise, on the same occasion and "in furtherance of the efforts to decongest court dockets and jail facilities, the National Judgment Week Program, shall be conducted by all first and second level courts nationwide" on Nov. 17.

In line with this, all judges and clerks of court of the first and second level courts "are directed to immediately undertake an inventory of civil and criminal cases, especially those involving persons deprived of liberty (PDL) and set them for hearing or promulgation on Nov. 17."

For judges presiding over more than one court or sharing prosecutors and public attorneys with other courts, appropriate coordination shall be


**Hon. Raul Villanueva**

undertaken and the proper notices timely sent to the parties and counsels, prosecutors and the Public Attorney's Office.

Villanueva further said all executive judges are instructed "to ensure that all courts within their supervision comply with the directive and to coordinate with the concerned detention facilities to accommodate the videoconferencing schedules implemented by each court."

Last year, the Supreme Court has commended 20 trial court judges for their outstanding performance in disposing the most number of civil and criminal cases during the National Judgment Day.


The 2022 National Judgment Day was held on November 16, 2022 coincided with the 47th anniversary of OCA. **/NELSON SANTOS**

# Thank you, GOD for the gift of life!

NGAYONG araw Oktubre 29, kaarawan ko, wala akong candles to blow, kasi wala ako ngayong birthday cake pero masaya ako -- at bakit?

Kasi po, napakabait ni Lord, I am very grateful sa Kanya, sa awa Niya, sa patuloy na pagbibigay sa akin ng pagkakataon, ngayong araw ay makapagpasalamat ako sa lahat.

On this day, maraming-maraming salamat po, Amang Makapangyarihan sa lahat, I thank You po, para sa



**Sa Ganang Akin**

**by Adela R. ZAMORA**

aking pamilya, sa aking mga kaibigan -- marami po kayo na ngayon na hindi tumitigil sa pagsuporta sa akin sa loob ng maraming taon.

Hayaang alalahanin ko ang "noon" ko tuwing nagdiriwang ako ng kaarawan sa Cavite -- na ilang dekada ring nakasalamuha ko ang mga dakila at dakilang indibidwal sa politika, sa media at sa karaniwang tao na naging kasalo ko sa ligaya at lungkot.

Noong very active ako sa media, kung sa National Press Club building ginaganap ko ang aking birthday, masaya kami -- kungdi personal na makararating ang mga bisita, nagpapadala sila ng nakasobreng gift, salamat po sa mag-amang dating senador, Don Ramon Revilla Sr. at Sen. Ramon 'Bong" Revilla Jr.; Cavite Gov. Ayong Maliksi, Raymund Eguillos, na nagdala ng envelope sa panahon ni Gov. Epi Velasco, kasama kanyang Bright Boys ni actor-former Bacoor City Councilor King Gutierrez na isa sa pinagkakatiwalaan noong maging Cavite vice governor, at governor si Sen. Bong R.

Siyempre, si dating Dasmarinas Mayor, former Cavite Vice Gov. Recto Cantimbuhan, former Tagaytay City mayor now Sen. Atty. Francis 'Tol' Tolentino, at hindi ko malilimutan noong Manila Mayor si Gen. Fred Lim na nagpahatid ng mensahe sa pamamagitan ni Councilor Humberto Basco, Councilor Toteng Caillian at ang di-nakalilimot na GenTri City Mayor Jonjon Ferrer, at ang best friend ko, former Cavite Congressman Renato Dragon, but of course, si dating Cavite Gov. Juanito "Johnny" Remulla Sr. at mga katropang media tulad nina Bert Silva, Del Villanueva, Toting Naval, Sir Doming Mirasol, at ang ever present na aming tagasaklolo, Sir Kuya Banong Jr. aka Guru Eli Taparan, dating Cavite Provincial at Imus City PIO chief at editor / media consultant, at siyempre, sa anak-anakan kong si Michael Silva, maraming salamat sa iyong suporta.

Naalaala ko rin ang best friend ko, si Madam Aurea Domingo Espiritu, Phiilippine Informaion Agency (PIA) manager at Cavite DSWD chief Raffy Gamad sa panahon ni Gov. Maliksi, na hindi nakalilimot tuwing kaarawan ko.

Lagi ring may cash gift na inihahatid ng mga tao ni dating Cavite Gov. Epimaco Velasco.

Masaya na malungkot ako na marami sa kanila, wala na, sumabilang-buhay na, at tanging sa puso ko nabubuhay ang kabutihan nila sa akin noong aktibo pa akong reporter, kolumnista sa ilang daily newspaper, at noong ako ay nahalal na NPC director.

Di ko makalilimutan, yung birthday party ko na ginanap sa NPC noong 1998, lahat ng nanduong opisyal ng press club, binati ako, pati si NPC president Sir Fred Lobo at naaalaala ko an birthday song na inihandog sa akin ngbespren kong si Donya Telay (Estela Delgado Mercado).

Napakasaya ako noon, espesyal yun sa akin dahil naroroon at kapiling ko ang mga anak ko -- sina Francis, Joselito, Babett, Bobby at Lorenza.

Ngayon, hindi ko mapigilang lumuha dahil sa kaarawan ko ngayon, hindi ko na kapiling ang aking mga anak.

Pero masaya pa rin, ako ngayong araw, habang sinusulat ko ito, nalalanghap ko ang sariwang hangin, namamasdan ko ang nagtatampong araw na pasilip-silip sa ulap at naririnig ko ang huni at awit ng mga ibon at nakikita ko, ilang paruparo ang mahinhing dumadapo sa bulaklak ng damong ligaw upang tumikim ng nektar niyon.

Thank you God, for giving me my friends in media, sina Te Becka Velasquez, wish ko, manalo kang Kagawad sa Barangay Salinas Uno, mas Ok kung mag-top number one ka; safe travel back to the Philippines, Franz Orlain, kina Nezel Mutas, Noli Pones, at syempre sa aming BantayBalita publisher Sir Domz Caoile na kahit kapos sa gastusin, di nakalilimot sa akin.

Thank you all my friends -- napakarami nila po, na pasensiya kung di ko sila mabanggit ngayon, sa inyo, maraming salamat na kayo ang batong buhay at tanggulan ko at kasama lagi, sa kalungkutan, kasayahan at anomang panahon ng pagsubok na malugod kong tinatanggap mula sa ating Ama.

Salamat po sa pagpapatawad sa aking mga kasalanan at kahit hamak, thank You for all that You have provided for me in ways I could not have imagined, and I am thankful for all the blessings in my life.

Dear God, thank You for your constant presence in my life and I am grateful for Your redemption, God.

Thank you, God, for the journey of life. May I continue to learn, grow, and serve as I walk with you in faith. (arzmedia777@yahoo.com)

# Utak CIA operator talaga si Teddy Boy

KUMUKULO ngayon ang dugo ng mga miyembro ng Filipino Muslim community kay former Foreign Affairs Secretary at ngayon ay Ambassador to the United Kingdom Teodoro "Teddy Boy" Locsin Jr. sa komento nito sa social media tungkol sa kasalukuyang sigalot sa Israel at Palestine sa Gaza.

Maski pa binura na ni Locsin ang kanyang post, na-capture ito agad at kumakalat sa iba't ibang chat groups ng mga Muslim organizations sa Pilipinas.

Removal from the office, disbarment, at panawagang ideklarang persona-non-grata si Locsin sa lahat ng Muslim communities, sa Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao (BARMM) at sa lahat ng embahada ng Muslim countries.

Coño, self-entitled, bias, pro-imperialist, pro-colonialist, genocidal maniac, walang modo, mayaman pero walang breeding, Islamophobic, at napakaraming pang pagsasalarawan ng galit na sentimyento ang lumulutang ngayon laban kay Locsin sa mga komento nito tungkol sa mga Muslim ngayon sa Palestine. May nananawagan pa nga Jihad laban kay Locsin.

Mabuti na lang at may malaking grupo ng Salaam People's Advocacy Group (SPAG) na ang panawagan ay ceasefire base sa kanilang core value na best of communities, moderate communities at united communities, na ayon sa ating mga brothers and sisters na Muslim ay ang talagang tagubilin sa Sunah ng propetang si Muhammad.

Sa totoo lang, maski hindi ka Muslim, kukulo rin ang dugo mo sa mga patutsada ni Locsin. Sabihin ba namang, "That's why Palestinian children should be killed; they might grow up to be gullible as innocent Palestinian letting Hamas launch rockets at Israel; not that they could stop but that's no excuse. They are Muslims. They could stage mass suicide against Hamas until the latter ran out of bullets."


Matapos ulanin ng batikos at i-disown ng DFA ang statement ni Locsin, agad din nitong binura ang kanyang post, at sinabi: "My apologies to those who did misconstrue my sentiments and did, in fact, get triggered, I obviously was not advocating for the literal death of anyone, but rather simply for the end of any ideology that condones terrorism in any way, shape or form."

Pero hindi tinanggap ng mga Muslim brothers and sisters natin ang plastik na apology ni Locsin. Hindi raw kasi ito ang unang post ni Locsin ng kanyang komento na nananawagan ng genocide laban sa mga Palestinians, lalo na sa mga walang muwang na bata. Tandang-tanda umano ng mga "Resign-Locsin" advocates na noong 2014 ang dalawang magkasunod na posts nito sa social media,

Sinabi ni Locsin: "I think we should all kill Palestinian children and sell their organs in the black market. They must be good at something." Dagdag pa nito: "I know, I know, today's Palestinian kids are tomorrow's Hamas. Kill them early I say!"

Para sa kanila, hindi sinsero ang apology ni Locsin maski pa binura nito ang nauna niyang post. Ang pagbura at apology, anila ay isa lamang "after thought" bilang tugon sa umuulan na batikos at hindi kaylanman sinserong sumasalamin sa kanyang pagiging Islamophobic at anti-Muslim beliefs.

Hindi ko alam kung totoong sarcastic lang o may toyo talaga sa utak itong si Teddy Boy Locsin. Ang malinaw rito, maaring malagay sa panganib ang kaligtasan at kapakanan



**POLICE MATTERS**

**by Michael Silva**

ng mga kababayan nating Overseas Filipino Workers (OFWs) at madamay sa Islamophobic remarks ni Locsin. Malaking porsiyento ng mga OFW natin ang naninirahan at nagtatrabaho sa mga Muslim countries tulad ng Saudi Arabia at United Arab Emirates.

At dahil sa post ni Locsin, maaari silang maging target din ng galit ng mga militanteng Muslim na

*Sundan sa pahina 6*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

**HENRY E. CAOILE**
*Founder*
**DOMZ B. CAOILE**
*Publisher*
**ELI TAPARAN II**
*Editorial Consultant*
**ADELA R. ZAMORA**
*Special Projects Director*
**GENE TAPARAN TAN**
*Chief of Reporters*
**JANETH W. BILBAO**
*Circulation Manager*

member api Publishers Association of the Philippines Inc.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Unang Municipal Trial Court sa GMA, pinasinayaan



Matapos ang panalangin at pagbasbas, pinutol nina (kaliwa) GMA Mayor Marcicel E. Torres, Judge Wendy Reyes, at 5th District Congressman Atty. Roy Loyola.




Mayor Torres, Cong. Loyola.




MALUGOD na pinasalamatan ni General Mariano Alvarez (GMA) Mayor Maricel E. Torres si Cavite 5th District congressman, Atty. Roy Loyola sa malaking tulong nito kaya mayroon nang sariling Municipal Trial Court (MTC) ang bayan.

Kasama sa pasinaya sina Board Member Aidel Belamide at Paolo Crisostomo, GMA Vice Mayor Percy Cabuhat, mga konsehal ng bayan, at mga opisyal ng barangay.

Magkatuwang na pinutol nina Cong. Loyola at Mayor Torres ang laso na hudyat sa pagbubukas sa publiko ng unang MTC ng GMA noong Lunes, Oktubre 23.

Sumaksi sa okasyon si Judge Wendy Reyes, at si Cavite Provincial administrator Alvin Mojica na kumatawan kay Gov. JonVic Remulla,

"Ang lahat po ay lubos na nagagalak sa isa na namang makasaysayang yugto sa paglilingkod sa ating komunidad ang pormal na pagbubukas ng Municipal Trial Court," sabi ni Mayor Torres sa kanyang social media page.

Aniya pa, ang pagkatayo ng unang MTC ay tanda ng bagong yugto ng paghahatid ng hustisya sa GMA.

"Kasama nating lahat ang mga mithiin ng katarungan at pagkakapantay-pantay sa ating bayan. Kaya naman ang ating pamahalaang bayan ay palaging maglalatag ng daan patungo sa mas malakas na sistema ng katarungan," wika ni Mayor Torres. **/ DOMZ B, CAOILE**



*COURTESY call: Sinamahan ni Cavite Provincial Police Office (CPPO) officer-in-charge police Colonel Eleuterio M. Ricardo Jr. ang pagbibigay-galang ni police Brig. General Paul Kenneth Lucas at police Col. Christopher Olazo kay Cavite provincial Gov. Hon. JonVic Remulla sa opisina nito sa Cavite Provincial Capitol noong Martes, Oktubre 24.*

*Bagong hirang na Region 4-A police director si BGen. Lucas at si Col. Olozo naman ay dating CPPO chief na nakatalaga ngayon sa PNP regional office sa Camp Vicente Lim, Calamba Laguna.*

## Happy Birthday po!

*IPINASALAMATAN ni Trece Martires City Councilor AJ Humarang ang maraming kaanak, kaibigan at mamamayan ng siudad na nagpaabot ng pagbati sa kanyang kaarawan, kamakailan.*

*"27 years of God's blessing. Maraming salamat po sa inyong mga pagbati. Mahal na mahal ko po kayo." sabi ni Konsehala AJ Humarang sa kanyang Facebook page.*

*"Ang sarap balikan at tingnan yung mga pangarap na dati rati ay pinagdadasal lang natin at yung mga pangarap na kahit hindi natin hiniling ay binigay po ni Papa Jesus, wala po talagang imposible sa kanya."*



# All in Juan celebration sa St. Martha Montessori School

ISANG masayang programa ang ginanap sa sikat na St. Martha Montessori School --Academia de Barcelona na tinampukan ng selebrasyon ng iba-ibang mahahalagang okasyon na nilahukan ng mga batang grade 5.

May paksang "All in Juan," ipinagdiwang ang United Natons Day, Nutrition Month, Buwan ng Wikang Filipino at iba pang mahahalagang okasyon.

Nakasuot ng magagandang costumes ang mga bata na kumakatawan sa mga bansang kasapi ng UN na ikinatuwa ng mga sumaksi sa okasyong ito, Biyernes, Oktubre 27.

Sa larawan, makikita ang kasiyahan ng mga bata at ng pamunuan ng paaralan sa Barcelona Subdivision sa Barangay Buhay na Tubig, Imus City. **/DBC**



# Good luck, Te Becka, Te Gene, Te Judie!



**MAKIKIRAAN PO!**

**ni Janet W. Bilbao**

GOOD luck po sa aming kasama sa media na tumatakbo ngayong BSKE sa October 30!

Balita natin, tatlong kandidato para Kapitan ng Barangay Salinas Uno (Bacoor City) ay kinakarir, hehehe, na makasama sa pangangampanya ang aming si Te Becka M. Velasquez na tumatakbong independent Kagawad.

Malakas ang suporta sa kanya ng Federation of Homeowners na nakitaan si Te Becka na malakas na liderato noong siya ay Salinas Ville HOA president mula 2016-2022.

Haligi ng media si Te Becka na maraming taon na naging pangulo ng Cavite Province Publishers League, Inc. (CPPLI) at ngayon, napakasipag na executive vice president (EVP) ng pinakamalaking samahan ng media sa bansa -- ang Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI).

Publisher/owner ng Pulso ng Makabagong Cavitenyo (PMC) makakaasa ang mga taga-Salinas Uno, tunay na magiging boses nila sa Barangay si Kagawad Te Becka.

At ang maganda, asset si Te Becka at nakikita ito ng mga taga-Salinas Uno, at hindi tayo magtataka, kung siya ay mag-numero uno na Kagawad ng Salinas Uno.

Likewise, si Te Gene "Baby" Taparan Tan, ang aming BantayBalita chief of reporters, na supersipag din bilang opisyal ng samahan ng Solo Parents Association sa Naic.

Dating OFW si Te Gene, may sariling hanapbuhay at hindi umaasa sa kabuhayan mula sa kanilang Barangay Makina.

Adbokasiya niya ay makapagbigay ng mabilis na kilos sa mga problema ng kababaihan, at ang tulong sa kalusugan, edukasyon ng mga kabarangay.

Umaasa si Te Gene na ang kanilang Team Solon ang mananalo sa election sa Okt. 30.

Independent candidate na Kagawad si Te Judie Cristostomo Cacatin para sa Barangay Kaingin-Digman na malakas ang suporta ng pinanumunuan niyang SESWA, SNTK, INC. Family at ng OIKOS Family.

Publisher po ng pahayagang JFAS News Express at sales manager si te Judie ng South Star Print, at matapang na kolumnista pa.

Laban lang para sa tagumpay, Te Becka, Te Gene at Te Judie.

@@@

Napapansin ba nyo, dumarami ang kaso ng ismagling ng illegal and dangerous drugs, ito sa kabila ng sinasabing all-out war ng PNP at ng PDEA.

Lumutang din ang tungkol sa mga scalawag sa PDEA at PNP na sangkot sa drug trafficking kaya noon, iniutos ni Interior Sec. Benhur Abalos Jr. na magbigay ng courtesy resignation ang ilang police general at police colonel.

Masipag naman ang Customs sa pagkumpiska ng pinalulusot na ilegal na droga, may mga kinasuhan at napakulong, at may mga law enforcers na kinasuhan at tinanggal sa serbisyo.

Pero, sige pa rin ang negosyong ito na salot sa ating lipunan, kaya ang tanong, ano ba ang tamang dapat na gawin para mabawasan at tuluyan nang maging drug free ang maraming bayan at siyudad natin?

Lagyan daw o haluan ng lason o kamandag na nakamamatay na lason ang mga nakukumpiskang illegal drugs , saka ibalik sa bentahan.

Pag nakamatay ang mga adik, wala nang market ang mga drug traffickers.


Ibalik daw ang death penalty sa mga heinous crimes, tulad ng illegal drugs.

Pag nahatulan guilty ang akusado, wag na raw gamitan ng lethal injection, wag na ring ikulong pa at agad, matapos ang ilang linggo, patayin sa firing squad na gagawin sa plaza o sa mga kampo ng pulisya at militar.

Kasi, sinubukan na ang rehabilitation, prevention, information campaign pero wala rin.

Dear readers, ano sa tingin nyo ang magandang gawin ng gobyerno, mag-comment lang kayo rito.

Happy reading at iboto ang kursunada, e yung "limang tamang daan" e tanggapin, sayang e, hehehehe.

Becka M. Velasquez




Kandidatong Kagawad ng Kaingin-Digman, Bacoor City.
PRINTED FREE OF CHARGE




Mga kandidato sa Barangay Makina (Zamora), Naic. PRINTED FREE OF CHARGE

# Modernong... *mula sa p.8*

Kasama sa masiglang pasinaya ay ang mga kawani, mga dating kliyente, malalapit na kaibigan at ilang matataas na opisyal sa hukuman, ng PNP at ng AFP.

Sila, sabi ni Cabarloc, ang laging nagpapalakas ng kanyang loob upang ituloy-tuloy ang pagtatayo ng bagong pasilidad ng GC Armoring.

Sa panayam kay Jojit, sinabi niya na hindi sekreto ang tagumpay ng GC Technik.

Sabi niya, "We always focus on details. Sa bawat trabaho, nakapokus kami, lagi kaming maingat at naka-focus sa bawat phase ng trabaho."

Paliwanag pa ni Cabarloc, lahat ng gawain nila ay dumadaan sa quality assurance system.

Sinisiguro niya na ang inaangkat na materyales ay pumasa sa quality standard at certified ballistic steel and glass.

"Sa Israel at Germnay ko binibili ang lahat ng materyales sa sasakyan na ikinakabit namin sa mga sasakyan.

"Gumagamit kami ng special welding techniques needed for the ballistic steel," sabi ni Jojit.

Bawat sasakyan ay kinakabitan ng bullet catcher at iba pang pampatibay.

"Lahat ng proseso sa paggawa, laging dumadaan sa paulit-ulit na quality checks para matiyak ang tibay, katatagan at mataas na kalidad ang pagkagawa ng armoring ng behikulo," sabi ni Cabarloc.

Bunga ng mataas na kalidad ng trabaho -- na ginamitan ng setipikadong European technology with ballistic certifcations, nangunguna ang GC Technik sa industriya ng armoring bansa.

Sa mga susunod na taon, may planong expansion ang GC Technik Armoring, sabi ni Jojit.

Magtatayo siya ng katulad na armoring industry sa General Santos City at sa Cebu City.

Kinilala na ang GC Technik Armoring sa mahusay at de-kalidad na armoring services nang bigyan ito ng natatanging pagkilala at award sa Frankfurt Germany.

Sa mga indibidwal na may security risks, lalo na ang mga VIP, negosyante at matataas na opisyal ng gobyerno at sa militar at pulisya, maaasahan at mapagkakatiwalaan ang armoring services ng GC Technik Armoring Industries. **/BB Central Desk**

# Utak CIA... *mula sa pahina 3*

sumusuporta sa Palestine sa laban nito ngayon sa Israel. Ang tanong, may pakialam ba si Locsin sa kanila? May pakialam ba si Locsin sa sentimyento ng mga Filipino Muslim kahit pa ideklara siyang persona-non-grata?

Nakakahiya at nakaka-alarma ang post ni Locsin laban sa Umma ng mga mga Muslim lalo pa nga't kababalik lang ng Pangulong Bongbong Marcos Jr. mula sa Saudi Arabia upang palakasin pa ang economic ties ng Saudi sa Pilipinas. Mabuti na lang at mabilis itong DFA at sinabing walang kinalaman ang administrasyong Marcos sa opinyon ni Locsin.

Ayos na rin itong ginawa ng DFA dahil, bilang ambahador at alter-ego ng Pangulo, maituturing na policy statement ang lahat ng salitang binitawan ni Locsin -- isang policy na naghihimok ng genocide at pagpatay sa mga inosenteng bata sa Gaza. Tandaan natin, malaking porsiyento ng residente ng Palestine, sa Gaza man o sa Westbank, o sa Nazareth, ay mga Kristiyano, na hindi kinikilala ng mga bombang nabagsak sa Gaza.

Ang tanong ulit, kaya bang parusahan ng Marcos Administration si Locsin lalong-lalo na at pro-Israel ang stand ni Pangulong Bongbong Marcos na repleksyon ng paninindigan ni US President Biden? Marahil ito ang dahilan kung bakit malakas ang loob ni Locsin na tirahin ang Palestine.

Alam ni Locsin ang lobbying power ng Israel sa Estados Unidos at kailangan ng gobyerno ng Pilipinas ang tulong militar ng US sa problema sa sekuridad sa West Philippine Sea,kaya mas makakatulong pa ang kanyang anti-Muslim remarks sa pagpapatibay ng relasyon ng Pilipinas sa US.

Utak CIA operator lang talaga itong si Locsin.

Malayo man sa atin, apektado na ng labanan sa Gaza ang mga kababayan nating Pinoy. Walang pinakamainam na stand dito kundi ang ipanawagan ang ceasefire at payagan ang mga sibilyan, lalo na hindi naman Palestinians, na makalabas na ng border upang sila mismo ay hindi na maging dagdag alalahanin pa sa lumalalang humanitarian crisis sa lugar. Anuman ang pananaw relihiyon at politikal sa mahigit 40 taon nang isyu ng Israeli occupation sa Palestine, hindi dapat kalimutan ang usapin ng hustisya para sa lahat, pantay-pantay na karapatan sa lahat, at huwag nang tangkilikin at hikayatin pa ng mga colonialist countries ang apartheid system sa Israel -- kung saan iba ang karapatan ng Hudyo sa iba pang residente ng lugar.

Nililinaw natin, hindi natin inaadbokasiya na buwagin ang Estado ng Israel. Ang nais natin ay wakasan ang aparthied system na ugat ng hinagpis ng mga nasa Gaza at Westbank. Tingnan natin ang karanasan ng South Africa ngayon matapos buwagin ang aparthied regime duon.

Hindi ba mas maunlad sila ngayon? Mas mapayapa?

Para sa feedback, mag-message lang sa michaelbsilva4972@gmail.com

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late IMELDA CABRERA YASUKURA, Who Died on AUGUST 23, 2021 Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE No. 076-2014001346 of the Registry of Deeds for tagaytay city, Located at Brgy. Biluso, silang, cavite ( 150 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No. 74885 of the Registry of Deeds for tagaytay, Located at brgy. Patutong malaki, tagaytay city ( 262 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public / Vice Consul under DOC.No. 1304 Page No. 44 Book No. 1 Service No. 2802 fee paid ¥ 3,500 OR No. 10440805 Series of 2023 Notarized Date: May 22, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 16, 23 & 30, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **MARI ANTHONETTE VERGARA ESTOLE,** Who Died on December 28, 2020 at tanza, cavite Left a parcel of Land with improvement Situated at tanza, cavite covered By transfer certificate TITLE No. 057-2021 047 989 ( 32 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO under DOC No. 442 Page No. 89 Book No. 156 Series of 2023 Notarized Date: October 12, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 16, 23 & 30, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE EMELINA PANGANIBAN DESACADA

Notice is hereby Given that the ESTATE of the Said Deceased Died intestate without any Last will or testament, that at the time of her death she Left a Bank Deposit more particular Described as follows. Bank: union bank of the Philippines. Savings account No: 109593117396 outstanding deposit: PHP 482, 820.43 EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs, Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava, Under DOC. No. 266 Page No. 54 Book No. XXIV Series of 2023: Notarized Date: October 09, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF RODOLFO MOJICA

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **RODOLFO P. MOJICA,** Who Died on March 16, 2020 at Magallanes, cavite, Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No.AA- 13- 0022 identified as Lot No. 534-A, Located at San miguel a. Maragondon, cavite ( 6,236.50 ) EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs, Executed before notary public atty. JO-ANN R. ALCID under DOC No. 2266 Page No. 34 Book No. 5 Series of 2023 Notarized Date: May 16, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 16, 23 & 30, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSON: CENON CELLONA ASTUDILLO

Notice is hereby Given that the estate of Deceased person **CENON CELLONA ASTUDILLO** who Died on may 10, 2021 at Dasmariñas, cavite Left a parcel of Land Situated in the brgys. Of pala-pala & San Agustin Municipality of Dasmariñas, cavite covered By transfer certificate of TITLE No. 057-2013 002323 ( 173 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan, under DOC.No. 218 Page No. 45 Book No. IV Series of 2023 Notarized Date: October 09, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late spouses **DOMINADOR LOPEZ And JULIA CASAMBROS LOPEZ, Died at Gen. Emilio Aguinaldo, cavite and DELFIN ALBANO, ISABELA,** Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. TD No. 06 0007 00174, Located at Cas.Lejos, Gen. E. Aguinaldo, cavite, survey No. CAD 489- D, Gen. Aguinaldo cadastre Lot. No. 159 area ( 12, 479 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe Editha M. Hernandez- Oronico Under DOC. No. 193 Page No. 40 Book No. VII Series of 2017

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby Given that the estate of the late **ALEGRIA I. MAGANTE,** who Died on September 30, 2015 at maragondon, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of title No. 680235 of the Registry of Deeds cavite Containing an area of ( 11,836 ) SQM. Situated in brgy. Caputatan, maragondon cavite, EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs Executed before notary public atty. Jo-Ann R. Alcid under DOC. No. 56 Page No. 13 Book No. 8 Series of 2023 Notarized Date: AUGUST 23, 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF JEFREY AUSENTE TOLITOL WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **JEFREY AUSENTE TOLITOL** Who Died on November 29, 2019 at lung center of the Philippines Quezon city, Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE No. 057-2018013361 Situated at brgy. Elang, Gen.trias, cavite Containing an area of ( 35 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO under DOC. No. 433 Page No. 87 Book No. 156 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON SPOUSES FELICIDAD VILLA ANDALEON AND TOMAS PERDON ANDALEON WITH SIMULTANEOUS DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of Deceased person spouses **FELICIDAD VILLA ANDALEON And TOMAS PERDON ANDALEON,** Left a parcel of Land Situated in the Bo. Of kabulusan, Municipality of Gen. Aguinaldo, province of cavite, with original certificate of TITLE No. P-1127 Free patent No. ( IV-4 ) 105 30, Containing an area of ( 13,800 ) SQM. Embrace with tax Declaration No. AA-06-0009-00738 EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs. Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava under DOC. No. 361 Page No. 73 Book No. X Series of 2023 Notarized Date: June 01, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE LATE CONRADO MADLANGBAYAN LEGASPI

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **CONRADO MADLANGBAYAN LEGASPI.** Who Died on March 26, 2019 at silang, cavite Left a parcel of Land covered By "katibayan ng orihinal natitulo" BLG. OP-6292 Lot No. 5292-F. CSD-04-035534 Situated in silang, cavite Containing an area of ( 8,831 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Rely Dimapilis Laza, under DOC. No. 329 Page No. 67 Book No. 19 Series of 2023 Notarized Date: October 04, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DONATION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **SANTIAGO LOYOLA ANGUE,** Who Died on April 20, 2014 at Gen. Trias, cavite and **FELICIDAD MAGTIBAY ANGUE,** Who Died on AUGUST 14, 2021 at tanza, cavite Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No.AA- 13-0027-00268 Situated in the brgy. Of Mabato, Municipality of maragondon, cavite ( 779.78 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava under DOC.No. 350 page No. 70 Book No. XXIII Series of 2023 Notarized Date: October 02, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSON RENATO T. ABANONO WITH RENUNCIATION OF RIGHT

Notice is hereby Given that the estate of the late **RENATO T. ABANONO,** Who Died on December 16, 2020 at makati city, metro Manila Left a parcel of Land Situated in the brgy. Of Cabuco ( formerly Quintana ) Municipality of trece Martinez City, cavite Covered By transfer certificate of TITLE No. 077-2021 007825 ( 36 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan under DOC-No. 213 Page No. 58 Book No. IV Series of 2023 Notarized Date: October 17, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **MARGARITA J. MARQUEZ,** Who Died on February 01, 2019 at poblacion 2-B. Maragondon, cavite, that the Deceased Died intestate without Leaving any last will and testament and without any outstanding debts, Left the following property to wit Savings itime deposit Nos. 0070200504061/ 370208116120 ( list properties Left by the deceased which should include the BDO account ) EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs. Executed before notary public atty. Jane v. Malimbanangue under DOC. No. 2348 Page no. 470 Book No XIV Series of 2022 Notarized Date: December 29, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE EMELINA PANGANIBAN DESACADA

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **EMELINA PANGANIBAN DESACADA.** that said deceased Died intestate, without any last will or testament, and without any outstanding debts or account, that at the time of her death, she left a bank deposit more particularly described as follows. Bank: union Bank of the Philippines savings account No. 1095931173 96 outstanding deposit: php. 482,820 .43 EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs. Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava, Under DOC. No. 266 Page No. 54 Book No. XXIV Series of 2023 Notarized Date: October 09, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF SPOUSES ELIAS ANCAYAN And TEOFILA E. ANCAYAN

Notice is hereby Given that the ESTATE of the spouses **ELIAS ANCAYAN And TEOFILA E. ANCAYAN** who Died on September 25, 2009 and October 15, 2023 both in maragondon, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. 057-2014080090 Situated in brgy. Muzon, naic, cavite ( 11,160 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Jason poon under Document Date: may 7, 2022 Page 3 Series of 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## ADDENDUM TO EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE EMELINA PANGANIBAN DESACADA

Notice is hereby Given that **EMELINA PANGANIBAN DESACADA,** Who Died on September 21, 2021 at new York city Left tangible bank account at union bank With Savings account No. 109593 117396, Amounting to four hundred eighty two, eight hundred twenty pesos and fourty three Centavos ( PhP 482,820.43 ) that in addition to the EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT of the ESTATE of the EMELINA PANGANIBAN DESACADA, the said Deceased Died Last "September 21. 2021 at new York city. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava Under DOC. No. 68 Page No. 13 Book No. XXVI Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON BENJAMIN PASANA LUCENTES

Notice is hereby Given that the estate of Deceased person **BENJAMIN PASANA LUCENTES** who Died on July 01, 2017 at Las piñas General hospital & satellite trauma center Left a parcel of Land covered By certificate of TITLE No. 057-201923837 Situated in brgy. Salinas, Municipality of bacoor ( 32 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Jo-Ann R. Alcid Under DOC. No. -461 Page No. 94Book No. 8 Series of 2023 Notarized Date: 25 September 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby Given that the state of the late **FRED C. CORTEZ,** Who Died on may 08, 2023 in bagumbayan, taguig city Left a parcel of Land particularly described as follows: A.) TCT NO.T-47650 Lot 4 BLK. 1 Situated in mahogany, tagaytay city with Tax Declaration No. ARPN AC-00014-03602 ( 579 ) SQM. B.) TAX Declaration No. ARPN AC-00014-01954 BUILDING with Floor area of ( 507.08 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs,Executed Before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO under DOC. No. 414 Page No. 83 Book No. 156 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF NESTORIO T. BATACLAN And FELISA B. BATACLAN WITH DEED OF ABSOLUTE SALE (PORTION ONLY)

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **NESTORIO T. BATACLAN** Who Died on October 07, 2019 at amadeo, cavite and FELISA B. BATACLAN, Who Died on December 20, 2012 at amadeo, cavite Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. AA-02-0005-00254 Situated in brgy. 5, amadeo, cavite ( 4,440 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs. Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO under DOC. No. 432 Page No. 87 Book No. 156 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 9, 16 & 23, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **RICHARD C. JORDAN, MOSERRAT B. JORDAN, VINCENT RICHARD B. JORDAN, VINCENT MARK B. JORDAN and ANGELA JOYCE B. JORDAN** Who Died on April 19, 2000 at sitio kamanlangan, Camudmud, Babak Dist. Island Garden City of Samal, Davao Del Norte Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-210087 with Tax Declaration No. 237001 2011974. Located at Greenbreeze village I, Brgy, Langkaan. 2, city of Dasmariñas ( 376 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No. ( S- 63865 ) 010-100495 with Tax Declaration No. E - 003-03974 Located at Bo. Lahuerta, parañaque City ( 240 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No. T-440 363 with Tax Declaration No. 2370023001538 Located at brgy. Burol, City of Dasmariñas ( 70 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Joone Randyl E. Rivera Under ocumentary No. 500 Book No. 75 Page No. XIV Series of 2023 Notarized Date: October 17, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

# Modernong pasilidad ng GC Technik Armoring Industries, handang nang magsilbi sa mga kliyente


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 4 10.00 OCTOBER 23 - 29, 2023


NOONG Oktubre 8, Linggo, matagumpay na idinaos ang pagbubukas at pagbasbas sa modernong pasilidad ng GC Technik Armoring Industries (GCTAI) sa Ayala Vermoza (malapit sa De La Salle Zobel, Daang Hari, Imus City.

Sa okasyon, unang pinasalamatan ni Sir George 'Jojit" Cabarloc Jr. ang ating Amang Diyos.

"First, to God Almighty for making this happen," sabi niya sa kanyang Facebook page.

Unang kinilala ang mahusay at de-kalidad na armoring services ang kompanya ni Sir George sa unang pasilidad na itinayo niya noon sa Cagayan de Oro City, na sinundan ng isa pang pasilidad sa Binan City sa Laguna.

Ngayon, sa bagong pasilidad ng GC Technik Armoring ay lalong maitatanyag ito bilang pioneer industry sa mahusay at de-kalidad na serbisyo sa ballistic protection systems at armoring ng mga sasakyan.

Naging espesyal ang okasyon dahil panauhing pandangal si Don Ramon See Ang, kilalang pilantropo at chairman ng San Miguel Corporation (SMC) at marami pang kompanya sa paggawa ng pagkain, poultry at livestock, at infrasructure project sa bansa.

"Second, to Don Ramon S. Ang, Chairman of SMC for giving us the honor of cutting the ceremonial ribbon, and for the inspirational speech thereafter," sabi ni Cabarloc.

Parang anak niya ang turing ni RSA kay Jojit kaya naman, kinikilala niya ito na kanyang pangalawang ama.

Ikatlo sa pinasalamatan niya ay ang minamahal na kaibigan, si Reverend Father Henry H. Santiago, presidente ng San Sebastian Recoletos, na nag-alay ng panalangin at basbas.

*Sundan sa pahina 6*




*Magkasabay na pinuputol nina (kaliwa) Don Ramon S. Ang, president/CEO ng San Miguel Corporation (SMC) at George 'Jojit' Cabarloc Jr. ang ribbon sa pasinaya at pagbubukas sa publiko ng modernong gusali ng GC Technik Armoring Industries.*














*Ang okasyon ay dinaluhan ng maraming kaibigan, mga dating kliyente ng GC Technik at ng mga tagasuporta mula sa matataas na opisyal mula sa law enforcement at legal profession. I Mga larawan mula sa opisyal Facebook account ni GCJr.*








PRINTED FREE OF CHARGE